Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7:6

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 19, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT ..... PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo

Kagalang-galang Louie C. de Leon ..... Kagawad
Kagalang-galang Ramon D. Tan ..... Kagawad
Kagalang-galang Jun M. Asinas ..... Kagawad
Kagalang-galang Romulo A. Elca ..... Kagawad
Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... Kagawad
Kagalang-galang Angelito U. Limjuco ..... Kagawad
Kagalang-galang Oscar F. Feliciano ..... Kagawad
Kagalang-galang Isagani R. Malapaya ..... Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay
Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan

DI-DUMALO

Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat ..... Kagawad

### KAPASIYAHAN BLG. 177-T'09

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 04-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG CALIOS NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN DALAWAMPU'T LIMANG LIBO TATLUMPUNG PISO (Php225,030.00) MULA SA KARAGDAGANG INTERNAL REVENUE ALLOTMENT PARA SA TAONG 2009 NA MAY KABUUANG HALAGANG Php384,030.00 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Php76,808.00), 10% SK FUND (Php38,403.00), 5% CALAMITY FUND (Php19,201.50); GASOLINE (Php40,000.00), SEMINAR (Php20,000.00), OFFICE SUPPLIES AND MATERIALS (Php20,617.50) AT FINANCIAL ASSISTANCE (Php10,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 90-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Calios na nagkakahalaga ng Php225,030.00 mula sa Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php384,030.00 upang ilaan sa 20% Development fund (Php76,808.00); 10% SK fund (Php38,403.00); 5% Calamity fund (Php19,201.50); Gasoline (Php40,000.00), Seminar (Php20,000.00), Office Supplies and Materials (Php20,617.50) at Financial Assistance (Php10,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad John Carlos C. delos Reyes at Isagani R. Malapaya at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Calios na nagkakahalaga ng Php225,030.00 mula sa Karagdagang Internal Revenue Allotment para sa taong 2009 na may kabuuang halagang Php384,030.00 upang ilaan sa 20% Development fund (Php76,808.00); 10% SK fund (Php38,403.00); 5% Calamity fund (Php19,201.50); Gasoline (Php40,000.00), Seminar (Php20,000.00), Office Supplies and Materials (Php20,617.50) at Financial Assistance (Php10,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Calios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan